MALAYA AT KUSANG LOOB NA SALAYSAY NI **Pat DARWIN V MAMUAD Jr** NA IBINIGAY SA PAGSISIYASAT NI **Pat JAMAYCAH FHINABMY B RUMBAUA** DITO SA TANGGAPAN NG 2ND SOU-MG BROOKE'S POINT MOBILE STATION, BROOKE'S POINT, PALAWAN NGAYONG IKA- 30 NG OCTOBRE 2021, GANAP NA IKA-10 NG UMAGA SA HARAP NI **PEMS RICHARD P RODRIGUEZ** SA PAMAMAGITAN NG MGA TANONG AT SAGOT.

(Ang nagsalaysay ay pinahiwatigan o pinaalalahanan ng lahat ng kanyang mga karapatan alinsunod sa itinadhana ng saligang batas).

**MGA TANONG AT SAGOT**

01. **TANONG** Ikaw ba ay nakahandang magbigay ng isang malaya at kusang loob na salaysay at sagutin ang mga itatanong sa iyo ng pawang katotohanan lamang?

**SAGOT** Opo.

02. **TANONG** Maaari bang sabihin ang iyong tunay na pangalan, edad, tirahan at iba pang bagay na mapagkakakilanlan sa iyong buong pagkatao?

**SAGOT** Ako si **Pat Darwin V Mamuad Jr** nasa hustong gulang, may asawa, at kasalukuyang kawani ng 2nd Special Operations unit – Maritime Group, Balabac SBU,

03. **TANONG** Maaari bang malaman kung ano ang iyong mga nakatakdang gawain bilang miyembro ng 2nd Special Operations Unit- Maritime Group?

**SAGOT** Bilang miyembro ng 2nd SOU-MG, isa ako sa naatasang magpatupad ng mga batas na may kinalaman sa pangangalaga ng ating karagatan, likas-yaman at kagubatan sa lugar na nasasakupan ng lalawigan ng Palawan at Munisipyo ng Brooke's Point at iba pang batas ng Republika ng Pilipinas kasama na dito ***R.A. 9175 "Chainsaw Act of 2002" at P.D 705 THE FORESTRY REFORM CODE OF THE PHILIPPINES".***

04. **TANONG** Ano ang iyong dahilan sa pagbibigay ng isang malayang salaysay?

**SAGOT** Ito ay patungkol sa isinagawa naming operasyon laban sa mga talamak at illegal na pag puputol ng mga punong kahoy ng Gmelina sa pamamagitan ng chainsaw na walang kaukulang dokumento/papeles.

05. **TANONG** Kailan at saan ito nangyari?

**SAGOT** Noong ika 29-ganap na 12:00 ng hapon buwan ng October, taong 2021 sa sakop ng Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan.

06. **TANONG** Pwedi mo bang ekwento kung paano ito nangyari?

**SAGOT** Noong ika-29 buwan ng October taong 2021, ganap na alas 9:00 ng umaga ay may natanggap kaming impormasyon galing sa aming mapag kakatiwalaang impormante patungkol sa mga illegal na pag puputol ng mga punong kahoy sa pamamagitan ng chainsaw na walang mga kaukulang dokumento/papeles sa sakop ng Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan.

07. **TANONG** Maaari mo bang sabihin o ipaliwanag kung ano ang mga sumunod na pangyayari?

**SAGOT** Na noong pagkatanggap namin ng nasabing impormasyon, ay agad bumuo ng grupo ang aming PNCOIC na si PEMS Richard P Rodriguez at itinalaga bilang Team Leader ang aming kasamahan na si PSSg Benjamin Pastores, para maisagawa ang nasabing operasyon at matugunan ang nasabing sumbong.

08. **TANONG** Ano pa ang sumunod na nangyari?

**SAGOT** Ganap na 10:00 ng umaga, kami ay umalis sa aming himpilan lulan ng aming motorsiklo patungo sa nasabing lugar sa Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan. Sa aming pagmamasid at pag patrolya sa nasabing lugar ay may narinig kaming pinag hihinalaang tunog/ugong ng chainsaw, upang maka tiyak ay hinanap at binaybay namin kung saan nanggagaling ang nasabing tunog/ugong, humigit kumulang 11:30 ng umaga, ay may nakita kaming tao na may hawak-hawak na chainsaw at kasalukuyang abala sa pag puputol ng punong kahoy,

*May Karugtong............*